# Ang Review ng Iyong Pagiging Kwalipikado Para sa Karagdagang Tulong Sa Gastos sa Plano ng Medicare Para sa De-resetang Gamot: Ang Ilang Mga Bagay na Dapat Mong Malaman

2011

Kung tumatanggap ka ng Karagdagang Tulong sa iyong mga gastos sa plano ng Medicare para sa de-resetang gamot, maaari kang kontakin ng Social Security tuwing panahon upang i-review ang iyong status. Sisiguraduhin ng review na ito na kwalipikado ka pa rin para sa Karagdagang Tulong at makukuha mo ang lahat ng mga benepisyo na karapat-dapat mong makuha.

Kung hindi ka napili para sa isang review, hindi magkakaroon ng pagbabago sa halaga ng Karagdagang Tulong na natatanggap mo.

## Kailan gagawin ng Social Security ang review na ito?

Ang mga review ay gagawin taun-taon, kadalasan sa katapusan ng Agosto.

## Paano makikipag-ugnay sa akin ang Social Security?

Padadalhan ka namin ng isang form na sasagutan, na tinatawag na *Social Security Administration Review of Your Eligibility for Extra Help* (SSA-1026). Bibigyan ka ng 30 araw upang sagutin at ibalik ang form na ito. Ang anumang kinakailangang pagbabago sa Karagdagang Tulong ay magkakabisa sa Enero ng susunod na taon. Halimbawa, kung pinadalhan ka namin ng form ng review sa Agosto 2011 at ibinalik mo ang form ng review sa loob ng 30 araw, ang anumang kinakailangang pagbabago sa iyong Karagdagang Tulong ay magkakabisa sa Enero 2012.

## Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagsagot sa form?

Maaari kang tulungan ng mga kapamilya, mga caregiver, at mga pangatlong partido na sagutin ang form. Maaari ka ring tulungan ng Social Security na sagutin ang anumang mga katanungang mayroon ka. Tawagan lamang kami sa **1-800-772-1213**. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**. Maaari mo ring bisitahin ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar para sa tulong.

## Anong uri ng pagbabago ang gagawin sa aking Karagdagang Tulong?

Ang isa sa mga sumusunod ay mangyayari:

- Walang pagbabago sa halaga ng Karagdagang Tulong na natatanggap mo;
- Pagtaas sa halaga ng Karagdagang Tulong na natatanggap mo;
- Pagbaba sa halaga ng Karagdagang Tulong na natatanggap mo; o kaya

Pagtatapos ng iyong Karagdagang Tulong.

## Ano ang mangyayari kung hindi ko ibinalik ang form ng review?

Ang iyong Karagdagang Tulong ay ititigil sa Enero ng susunod na taon.

## Paano ko malalaman kung ano ang naging desisyon ng Social Security sa review?

Ang Social Security ay magpapadala sa iyo ng sulat na magpapaliwanag sa desisyon na ginawa namin. Kung sa paniwala mo'y mali ang naging desisyon, mayroon kang karapatang i-appeat ito. Ipapaliwanag ng sulat ang iyong mga karapatan sa pag-appeal.

## Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Karagdagang Tulong sa iyong mga gastos sa plano ng Medicare sa de-resetang gamot o pangkalahatang impormasyon tungkol sa Social Security, bisitahin ang ***www.socialsecurity.gov*** o tawagan ang Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**). Kung tumawag ka dahil mayroon kang mga katanungan tungkol sa isang sulat na natanggap mo, mangyaring dalhin ang sulat. Makakatulong ito sa amin na sagutin ang iyong mga katanungan.

Para matutuhan ang karagdagang tungkol sa mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot at mga special enrollment period, bisitahin ang ***www.medicare.gov*** o tumawag sa 1-800-MEDICARE (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**).

# Review Of Your Eligibility For Extra Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs: Some Things You Should Know

2011

If you get Extra Help with your Medicare prescription drug plan costs, Social Security may contact you periodically to review your status. This review will ensure that you are still eligible for the Extra Help and receiving all the benefits you deserve.

If you are not selected for a review, there will be no change in the amount of Extra Help you receive.

## When will Social Security do this review?

Reviews will be done each year usually at the end of August.

## How will Social Security contact me?

We will send you a form to complete, called *Social Security Administration Review of Your Eligibility for Extra Help* (SSA-1026). You will have 30 days to complete and return this form. Any necessary adjustments to the Extra Help will be effective in January of the following year. For example, if we send you a review form in August 2011 and you return the review form within 30 days, any necessary adjustment to your Extra Help will be effective in January 2012.

## What if I need help completing the form?

Family members, caregivers, and third parties can help you complete the form. Social Security also can help answer questions you may have. Just call us at **1-800-772-1213**. If you are deaf or hard of hearing, please call our TTY number at **1-800-325-0778**. You also may visit your local Social Security office for assistance.

## What kind of adjustment will be made to my Extra Help?

One of the following will occur:

- No change in the amount of Extra Help you receive;
- An increase in the amount of Extra Help you receive;
- A decrease in the amount of Extra Help you receive; or
- Termination of your Extra Help.

## What will happen if I do not return the review form?

Your Extra Help will be terminated in January of the following year.

## How will I know what decision Social Security made on the review?

Social Security will send you a letter explaining the decision we made. If you believe the decision is incorrect, you will have the right to appeal it. The letter also will explain your appeal rights.

## How can I get more information?

For more information about Extra Help with your Medicare prescription drug plan costs or general information about Social Security, visit ***www.socialsecurity.gov*** or call Social Security at **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**). If you call because you have questions about a letter you received, please have the letter with you. It will help us answer your questions.

To learn more about Medicare prescription drug plans and special enrollment periods, visit ***www.medicare.gov*** or call **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**).



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10111TL
January 2011
Web Only